



Cynthia Paes
Tagapagrehistro
ng mga Botante

Language Accessibility Advisory Committee

Salamat sa inyong interes sa Language Accessibility Advisory Committee (LAAC). Upang mag-apply para sa appointment sa komite, mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na aplikasyon.

Ang mga aplikasyon ay maaaring isumite sa pamamagitan ng pag-email sa ROVmail@sdcounty.ca.gov.

Maaari rin ninyong ipakoreo ang inyong aplikasyon sa 5600 Overland Avenue, San Diego, CA 92123.

Deskripsyon ng Posisyon

Ang Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) ay isang komite ng pagpapayo sa opisina ng mga eleksyon sa county.

Ang mga miyembro ng LAAC ay naglilingkod sa diskresyon ng Tagapagrehistro ng County. Ang misyon ng LAAC ay payuhan at i-assist ang Tagapagrehistro ng County sa pagpapatupad ng mga batas ng pederal at estado na may kaugnayan sa pag-access ng proseso ng eleksyon ng mga botante na may limitadong-kasanayan sa Ingles, na tinitiyak na lahat ng mga tao na bumoboto ay maaaring maunawaan ang proseso ng pagboto. Ang County ng San Diego ay kailangan magbigay ng tulong sa wika alinsunod sa batas ng estado at pederal para sa sumusunod na sakop na mga wika: Chinese, Filipino, Spanish, Vietnamese, Arabic, Japanese, Korean, and Laotian. Sakop din sa ilalim ng LAAC ang Outreach para sa Native American at Programa sa Edukasyon ng Botante. Ang LAAC ay nagbibigay din ng mga rekomendasyon sa pagkilala at pag-uuna sa mga aktibidad, programa, at patakaran upang masiguro na ang bawat botante ay may patas na pag-access sa opisyal na balota at mga materyales sa eleksyon.

Ang mga miyembro ng LAAC ay inaasahang dadalo sa regular na tatluhan-buwan na pagpupulong sa opisina ng mga eleksyon sa county o virtual, kung kinakailangan, at magsagawa ng mga tungkulin sa isang walang partidong paraan. Ito ay isang boluntaryong komite. Walang stipend o reimbursement sa paglahok sa LAAC.

Mga Ninanais na Kwalipikasyon

1. Naipakita ang karanasan sa pagbibigay ng tulong sa wika o pagtatrabaho sa pagpapabuti ng pag-access ng wika.
2. Karanasan sa pagtatrabaho o pagboboluntaryo sa magkakaibang etniko at magkakaibang wika ng mga komunidad.
3. Karanasan sa mga karapatan sa pagboto, outreach ng botante, edukasyon ng botante, at / o pakikipag-ugnayan ng botante.
4. Karanasan sa mga ugnayan sa komunidad, pag-unlad at/o adbokasiya.
5. Kaalaman sa paggamit ng karaniwang wika.
6. Karanasan bilang isang manggagawa sa lugar ng botohan, administrasyon sa eleksyon, o proteksyon sa eleksyon.
7. Kakayahang dumalo sa regular na tatluhan-buwan na pagpupulong.
8. Handang maglingkod ng hindi bababa sa dalawang taon.

Magpatuloy sa susunod na pahina



Pangalan: _____ **Petsa:** _____

Adres: _____

Employer: _____ **Titulo sa Trabaho:** _____

E-mail: _____ **Numero ng Telepono:** _____

Para sa bawat isa sa mga sumusunod mangyaring limitahan ang mga tugon sa isang talata.

1. Mangyaring ilarawan ang iyong nauugnay na karanasan sa pagtulong sa wika at sa mga komunidad ng minorityang wika.
2. Kung naaangkop, mangyaring sabihin kung alin sa mga wika kayo ay mahusay at ang lebel ng kahusayan (0-5) sa bawat wika (pagsasalita, pagsusulat).
3. Mangyaring ilarawan kung kayo ay may anumang karanasan sa mga batas ng estado at pederal tungkol sa pagboto o pag-access sa wika.
4. Mangyaring ilarawan ang anumang karanasan sa voter outreach, edukasyon , o pakikipag-ugnayan.
5. Ipaliwanag ang inyong interes sa pagiging isang miyembro ng LAAC.